Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

## *Modyul 20*

### *Pagsulat ng Talaarawan*

# Modyul 20
# Pagsulat ng Talaarawan



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka, kaibigan?

Matagumpay mo bang napag-aralan ang modyul sa pagsulat ng anekdota? Nakasulat ka ba ng sarili mong anekdota? Nasunod mo ba ang ilang gabay sa pagsulat nito? Sana ay OO ang sagot mo.

Isang gawaing pasulat na naman ang iyong matututuhan sa modyul na ito. Kung sa nakaraang modyul ay natutuhan mo ang paraan ng pagsulat ng anekdota, sa modyul namang ito ay mapag-aaralan mo ang pagsulat ng talaarawan.

Itinatanong mo kung paano nagkakaiba ang pagsulat ng anekdota sa pagsulat ng talaarawan? Malaki ang pagkakaiba, kaibigan. Kung nakaaaliw ang anekdotang nabasa at naisulat mo, magiging seryoso ang mga pangungusap na gagamitin mo sa pagsulat ng talaarawan. Maikli lamang ang naisulat mong pangyayari sa anekdota, di ba? Sa susulatin mong talaarawan, mahaba-habang pangyayari ang susulatin mo.

Hindi lang iyan ang pagkakaiba. Marami ka pang matututuhan sa araling ito kung babasahin at pag-aaralan mo ang kabuuan ng modyul na ito.

Kung nasiyahan ka sa pagsulat ng sarili mong anekdota sa nakaraanag aralin, sa araling ito ay magaganyak kang makasulat ng talaarawan. Tama, talaarawan. Narinig mo na ba ang salitang ito? Siguro naman ay oo, di ba?

## *Ano ang matututunan mo?*

Bago ka makasulat ng talaarawan ay mahalagang magkaroon ka ng ilang impormasyon ukol dito. Dahil dito, sa kabuuan ng aralin ay nakatitiyak akong matutugunan mo ang mga sumusunod na layunin:

1. nakabubuo ng lohikal na pagsasalaysay

2. naipapakita ang pagkamalikhain sa pagsulat ng sariling talaarawan

3. nagagamit ang kaalaman sa pagbubuo ng talaarawan

    - format
    - nilalaman
    - pamantayan sa pagsulat
    - paraan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.


2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Alamin muna natin kung kailangan mo pa ang modyul na ito. Bibigyan kita ng panimulang pagsusulit. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

A. Isulat sa sagutang papel ang titik ng salitang bubuo sa pangungusap.

1. Ang talaarawan ay galing sa salitang tala at araw, ang pinaikling salita ng pagtatala ng mga pangyayari _____________.

    A. kapag may araw.
    B. araw-araw.
    C. lingguhan.
    D. buwanan.

2. Sa pagsulat ng talaarawan ay mahalagang mapagsunud-sunod ang mga ___________________.

    A. tauhan.
    B. tagpuan.
    C. pangyayari.
    D. usapan.

3. Sa bawat pagsulat ng mga pangyayari ay mahalaga ang pagtatala ng __________________.

    A. bagay.
    B. kulay.
    C. pangalan.
    D. petsa.

4. Epektibo ang pagsusulat ng talaarawan sa _______________.

   A. madaling-araw.
   B. umaga.
   C. tanghali.
   D. gabi.

5. Ang mga pangyayaring isinusulat sa talaarawan ay dapat na maging ____________________.

   A. pamalagian.
   B. pansamantala.
   C. di-kapani-paniwala.
   D. makatotohanan.

6. Sa pagsulat ng talaarawan ay kailangang maayos ang mga ___________________________.

   A. pananaw.
   B. panimula.
   C. detalye.
   D. wakas.

7. Ang pagsulat ng talaarawan ay higit na _____________.

   A. personal.
   B. interpersonal.
   C. makabayan.
   D. masaklaw.

8. Tulad ng pagtatala ng petsa, dapat ding maging tiyak sa pagsulat ng

   A. panimula.
   B. tagpuan.
   C. tauhan.
   D. oras.

9. Madalas na ang susulating talaarawan ay __________________.

   A. inililihim.
   B. ipinababasa sa iba.
   C. pinagtatalunan.
   D. binabasa nang malakas.

10. Personal ang talaarawan kaya __________________.

A. dapat ipabasa sa iba.
B. ilihim sa iba.
C. huwag ipabasa sa iba.
D. sa gabi lang sulatan.

B. .Basahin ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang maaaring maganap na mga pangyayari sa pangalawang araw para makabuo ng isang talaarawan.

1.

Nobyembre 23 –

Nagsusungit ang panahon. Nagliliparan ang mga bubong ng bahay dahil sa lakas ng hangin. Idineklara nang calamity area ang buong lalawigan ng Quezon at ilang bayan sa Ilocos Sur, Sorsogon, Bulacan, Pangasinan at Nueva Ecija.

Nobyemre 24 -

______________________________________________________________
____________________________________________________________________
___________________________________________________________________.

2.

Disyembre 12 –

Hindi makatulog si Mitz. Gabi-gabi na lang, pinipilit niyang makatulog ngunit talagang ayaw siyang dalawin ng antok. May sakit siya na dapat maipakunsulta sa doktor.

Disyembre 13 –

______________________________________________________________
____________________________________________________________________
___________________________________________________________________.

C. Itala sa sagutang papel ang mga pangyayaring naganap sa iyong buhay noong nakaraang panahon ng Kapaskuhan. Sundin ang porma sa ibaba:

| Petsa | Pangyayari |
|---|---|
| Disyembre 16 | |
| Disyembre 17 | |
| Disyembre 19 | |
| Disyembre 20 | |
| Disyembre 21 | |
| Disyembre 22 | |
| Disyembre 23 | |
| Disyembre 24 | |
| Disyembre 25 | |

Kunin mo sa guro ang SUSI SA PAGWAWASTO at tsekan mo ang iyong papel.

Ano, nasagutan mo bang lahat? Itanong mo sa iyong guro kung kailangan mo pang pag-aralan ang modyul na ito kung oo ang iyong sagot.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**Alamin**

Nagbabasa ka ba ng recipe, kaibigan? Sinusubaybayan mo bang basahin ang mga recipe sa mga dyaryo at magasin? Nakababasa ka ba ng mga recipe sa likod ng mga leybel ng ilang mga produktong isinalata? Kung mahilig kang magluto, sinusunod mo ba ito? Ano ang napupuna mo habang nagbabasa ka ng recipe? Tama, sunud-sunod ang mga hakbang sa paghahanda ng pagkain. Basahin mo ang halimbawa:

***Paggawa ng Peach Float***



Mga sangkap:

1 lata ng gatas condensada
2 all purpose cream
1 lata ng peach halves

Paraan ng paggawa:


1. Durugin nang pino ang crakers.

2. Paghaluin ang gatas at all purpose cream.
3. Hiwain nang manipis ang peach halves.
4. Lagyan ng pinaghalong gatas at cream ang baking pan.
5. Ilagay ang dinurog na crakers.
6. Ilagay ang peaches sa ibabaw ng crakers.
7. Ulitin ang 4, 5, at 6 hanggang maubos ang mga sangkap.
8. Takpan ng aluminum foil at ilagay sa freezer hanggang tumigas.

B. Napansin mo bang magkakasunod ang mga hakbang ng recipe? Bakit mahalaga ito sa paghahanda ng pagkain?

Marahil ay nagtataka ka kung ano ang relasyon ng pagsusunud-sunod ng mga hakbang ng recipe sa ihahanda mong talaarawan. Bago mo malaman ang sagot, basahin mo pa ang susunod na impormasyon.

**Linangin**



Sabik ka na bang matutuhan ang paraan ng pagsulat ng talaarawan? Bago ko ito ituro sa iyo ay basahin mo muna ang mga petsa sa Hanay A. Hanapin mo sa Hanay B ang selebrasyong pantapat dito. Handa ka na ba? Simulan mo nang itapat ang mga petsa sa Hanay A sa mga selebrasyong nakatala sa hanay B.

| A | B |
|---|---|
| Enero 1 | Huling araw ng Ramadan |
| Pebrero 14 | Araw ni Balagtas |
| Abril 2 | Bagong Taon |
| Mayo 1 | Araw ng Paggawa |
| Hunyo 12 | Araw ng mga Patay |
| Nobyembre 1 | Araw ng Pasko |
| Nobyembre 15 | Araw ng mga Puso |
| Disyembre 25 | Araw ng Kalayaan |

Ito ang tamang sagot:

Enero 1 -------------------- Bagong Taon

Pebrero 14 -------------------- Araw ng mga Puso

Abril 2 -------------------- Araw ni Balagtas

Mayo 1 -------------------- Araw ng Paggawa

Hunyo 12 -------------------- Araw ng Kalayaan

Nobyembre 1 ------------------ Araw ng mga Patay

Nobyembre 15 ----------------- Huling Araw ng Ramadan

Disyembre 25 ------------------ Araw ng Pasko

Nasagutan mo ba lahat? Kung tama lahat ang sagot mo, mahusay kang magmemorya ng mga petsa at natatandaan mo ang mahalagang selebrasyong nakapaloob dito. Kung isa o dalawa lamang ang mali sa mga sagot mo, marahil ay hindi ka pamilyar sa mga petsa at selebrasyong nabanggit.

Nagtataka ka kung bakit ipinabasa ko sa iyo ang mga petsa at ang mga selebrasyong nakapaloob dito? Ang mga petsa at mga pangyayari kasi ang mahahalagang elemento sa pagsulat ng talaarawan.

Bukod dito, kapag naitala mo na ang mga petsa at mga pangyayari sa iyong susulating talaarawan ay maaari ka nang makapagsalaysay nang lohikal. Makapagsasalaysay ka na ng mga pangyayari sa iyong mga kaibigan. Sa ganitong paraan, mapapalawak mo pa ang mga pangyayaring isusulat mo sa iyong talaarawan. Magkaugnay ang pagsasalita sa pagsulat, di ba?

Gusto mo pang magkaroon ng impormasyon tungkol sa lohikal na pagsasalaysay? Sige, basahin mo pa ito:

Sa payak na pagpapakahulugan, ang pagsasalaysay ay isang pagkukuwento. Ito'y paglalahad ng mga pangyayari ayon sa tamang pagkakasunud-sunod.

Upang maging lohikal ang pagsasalaysay, dapat itong magtaglay ng mga sumusunod na katangian:

1. Ang pagsasalaysay ay dapat binuo ayon sa panahong sakop ng mga pangyayari na inilahad nang may wastong pagkakasunud-sunod.

2. Dapat na alam na alam ng nagsasalaysay ang paksa, ang nilalaman at ang katangian nito.

3. Dapat na maging sunud-sunod ang mga pangyayari nang may pataas nang pataas na kawilihan.

4. Kung sinimulan ang salaysay nang malinaw, maayos at makatawag-pansin, dapat ding matapos ito sa ganitong paraan.

Malinaw na ba sa iyo kung bakit mahalaga ang pagsasalaysay?

Magandang karanasan din ang makapagsalaysay ka sa iyong mga kaibigan ng mga pangyayaring nagaganap sa iyong buhay. Malungkot man o masaya, tiyak na magiging interesado ang mga kaibigan mo na makinig sa iyo. Gawin mo lamang na lohikal ang pagsasalaysay mo. Ang isang halimbawang maisasalaysay mo ay kung paano mo idinaraos ang iyong bertdey o ano mang okasyong ipinagdiriwang mo.

Naniniwala ka bang napakahalaga ng petsa sa buhay mo? Dapat lang, di ba? Mahalaga ang bertdey mo o bertdey ng mga mahal mo sa buhay. Masaya ka kapag dumarating ang Araw ng Pasko at Bagong Taon. Hindi mo malilimutan ang mga petsang iyon, di ba?

Dahil hindi mo malilimutan, naitala mo ba sa papel o sa notbuk ang mga pangyayaring naganap sa mga petsang nabanggit? Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Hulyo 21 | Bertdey ko. Maaga akong nagsimba.<br><br>Naghanda si nanay ng pansit, puto at spaghetti kaya inimbita ko ang ilan sa aking mga kaklase.<br><br>Binigyan ako ni nanay ng P500 kaya nagpunta ako sa mall. |



| | |
|---|---|
| | Ibinili ko ng notbuk iyong P180, ng belt iyong P 150 at nanood ako ng sine. Idinagdag ko sa baon ko iyong natirang pera. |
| Hulyo 22 | Parang dalawang beses kong sinelebreyt ang bertdey ko. Kasi, nagluto uli si nanay ng pansit at spaghetti. Nagpaluto rin siya ng puto. Dumating kasi ang mga pinsan ko mula sa Nueva Ecija. |




Napuna mo ba ang pagkakaugnay ng petsa at mga pangyayari? Itinala ng nagsasalaysay ang petsa ng kanyang kapanganakan. Sa katapat ng petsang ito ay inilahad niya ang mga pangyayaring naganap ayon sa pagkakasunud-sunod. Alam mo ba ang tawag sa isinulat ng nagsasalaysay?

Tama ka. Ang tawag dito ay talaarawan. Pansinin mo ang salitang ***talaarawan***. Napuna mo ba ang pagtatambal ng mga salitang ***tala*** at ***araw***? Kasi, ang talaarawan ay tala ng mga pangyayaring nagaganap araw-araw.

Narito pa ang halimbawa:

| | |
|---|---|
| Mayo 25 | Bukas pa ang pista sa Sto Cristo pero ngayon pa lang ay pupunta na kami sa probinsya.<br><br>Tanghali na nang makasakay kami ng bus. Nainis ako kasi hindi air-con bus ang sinakyan namin. Ang bagal pa ng biyahe.<br><br>Mag-aala-singko na ng hapon nang dumating kami sa |



| | |
|---|---|
| | Sto Cristo. Abala sa pagluluto ang mga kamag-anak namin. |
| Mayo 26 | Araw ng kapistahan ni Sto. Cristo. Maaga kaming nagsimba.<br><br>Maraming naging bisita kaya pati ako napagod sa pag-aasikaso.<br><br>Gabi na nang magdaos ng prusisyon. |
| Mayo 27 | Tanghali na kami umuwi. Sa sobrang pagod ay nakatulog ako sa bus. |



Ngayong malinaw na sa iyo ang kahulugan at mga elemento sa pagsulat ng talaarawan ay ituturo ko naman sa iyo ang mga hakbang sa pagsulat ng iyong sariling talaarawan. Handa ka na ba? Simulan mo nang basahin.

1. *Kumuha ng isang notbuk na gagamitin sa pagtatala.*

2. *Isipin ang mahahalagang petsa at itala ayon sa pagkakasunud-sunod.*

3. *Itala ang mahahalagang pangyayaring naganap sa katapat ng mga petsa ayon sa pagkakasunud-sunod.*

Ngayon naman, simulan mong isalaysay sa katabi mo ang iyong natutuhan. Gawin mo ito sa paraang malinaw, maayos, at may pagkakasunud-sunod.

**Gamitin**

A. Basahin at pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa Hanay B. Markahan ng 1- 8 ang sagutang papel at dito isulat ang tamang sagot.

***Mga Hakbang na Ginawa Ko Habang Lumilindol at Pagkatapos Lumindol***

Hulyo 25 ______ Nanatili ako sa lugar na may matibay na pundasyon.

______ Lumabas ako nang maayos at tahimik sa lugar na maraming tao.

______ Humanap ako ng mesa at nagtago ako sa ilalim.

______ Hinanda ko ang aking sarili sa iba pang pagyanig.

______ Tinawagan ko ang mga kamag-anak ko at kaibigan sa pamamagitan ng cellphone.

______ Inalam ko kung may mga kasamahan akong nasugatan para mabigyan ko ng pangunahing lunas.

______ Lumilindol kaya sa halip na sumigaw ay kinalma ko ang aking sarili.

______ Tinandaan ko ang kinalalagyan ng mahahalagang bagay gaya ng switch, fire exit, atb.

Iwasto mo ang mga sagot mo sa iyong sagutang papel. Ito ang mga tamang sagot:

2, 6, 3, 5, 8, 7, 1 , 4

Wasto ba ang lahat ng sagot mo? Magaling!

B. Basahin mo ang mga pangyayaring nakatala sa talaarawan. Isulat sa sagutang papel ang pangyayaring maaaring maganap sa mga susunod na araw, Mayo 8-10. Ipakita sa guro ang iyong sagot.

| | |
|---|---|
| Mayo 7 | Bertdey ni Papa (ayaw niyang patawag ng lolo). Ayaw sabihin ang edad niya pero nabasa ko sa sedula niya na 56 na siya. Lahat kaming magkakapatid at magpipinsan ay dinala niya sa Island Cove. Gastos niya lahat. Dalawang araw kami rito. |
| Mayo 8 | (Isulat ang mga pangyayaring naganap sa Island Cove) |
| Mayo 9 | (Isulat ang mga pangyayaring naganap sa huling araw) |
| Mayo 10 | (Isulat ang mga pangyayaring naganap sa bahay) |

**Lagumin**

Mula sa araling nabasa mo ay natuklasan mong ang salitang ***talaarawan*** ay nagmula sa mga salitang ***tala*** at ***araw***. Tala ng mga pangyayaring nagaganap araw-araw.

Sa paghahanda ng sariling talaarawan ay dapat sundin ang mga sumusunod na hakbang gaya ng paghahanda ng notbuk na pagsusulatan, pag-iisip ng mahahalagang petsa at pagtatala ayon sa pagkakasunud-sunod, at pagtatala ng mga pangyayaring naganap katapat ng mga petsa ayon sa pagkakasunud-sunod.

Malinaw na ba sa iyo ang pagtalakay sa mga aralin? Handa ka na bang makasulat ng sarili mong anekdota? Basahin mo ang susunod na gawain.

**Subukin**

A. Itala sa sagutang papel ang sa palagay mo'y mahahalagang elemento sa paghahanda / pagsulat ng sariling talaarawan na hindi nabanggit sa naitalang impormasyon. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| oras | tao | bantayog | sasakyan |
| lugar | damit | sundalo | turismo |

B. Basahin ang mga petsa sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang mga pangyayaring naganap sa mga petsang nabanggit. Dugtungan ang mga patlang ng susunod na mga pangyayari.

**Hanay A - Petsa** **Hanay B - Pangyayari**

Marso 16, 1561 (Pagdiskubre ni Magellan sa Pilipinas)

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________

Hunyo 12, 1898 (Araw ng Kalayaan)

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________

Pebrero 25, 1986 (Edsa Revolution)

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________

Mayo 10, 2004 (National Presidential Election)

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________

**Paunlarin**

A. Suriin ang pangyayari sa bawat bilang. Isulat sa dahong sagutan kung saang paksa ito kabilang. Piliin ang sagot sa mga salitang nakakahon.

| | | |
|---|---|---|
| pagbaha | pagdalo sa pagtitipon | paggawa ng proyekto |
| pagtulong sa kapwa | pagkakasakit | pagsali sa patimpalak |
| panonood ng sine | pamimiyesta | pagsakay sa MRT |

1. Kayraming handa nina Tita Ningning. Pati ang musikong tumugtog sa prusisyon ay kanyang pinakain. Sa gabi ay sumali ako sa timpalak sa pag-awit.

2. Nagtutulakan ang mga tao sa pagsakay. Kasi naman, nagwelga ang mga driver ng dyip at bus. Kaya wala akong mapipiling sakyan kundi ang mahabang tren na ito.

3. Katatakutan ang panonoorin ko kaya napilitan akong isama ang nakababata kong kapatid.

4. Naku, pagbukas ko ng pinto ay napasigaw ako. Hindi pala ako makakapasok dahil abot-binti na ang tubig-baha.

5. Takot ako sa iniksyon pero nang itusok sa akin ng doktor ang karayom ay napapikit na lamang ako sa sakit. Mahirap maospital.

Ito ang tamang sagot:

1. pamimiyesta
2. pagsakay sa MRT
3. panonood ng sine
4. pagbaha
5. pagkakasakit

Tama ba ang mga sagot mo? Magaling!

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Isulat sa sagutang papel ang titik ng salitang bubuo sa pangungusap.

1. Ang talaarawan ay galing sa salitang tala at araw, ang pinaikling salita ng pagtatala ng mga pangyayari ____________.

   A. kapag may araw.
   B. araw-araw.
   C. lingguhan.
   D. buwanan.

2. Sa pagsulat ng talaarawan ay mahalagang mapagsunud-sunod ang mga __________________.

   A. tauhan.
   B. tagpuan.
   C. pangyayari.
   D. usapan.

3. Sa bawat pagsulat ng mga pangyayari ay mahalaga ang pagtatala ng _________________.

   A. bagay.
   B. kulay.
   C. pangalan.
   D. petsa.

4. Epektibo ang pagsusulat ng talaarawan sa _______________.

   A. madaling-araw.
   B. umaga.
   C. tanghali.
   D. gabi.

5. Ang mga pangyayaring isinusulat sa talaarawan ay dapat na maging ____________________.

   A. pamalagian.
   B. pansamantala.
   C. di-kapani-paniwala.
   D. makatotohanan.

6. Sa pagsulat ng talaarawan ay kailangang maayos ang mga ____________________________.

   A. pananaw.
   B. panimula.
   C. detalye.
   D. wakas.

7. Ang pagsulat ng talaarawan ay higit na _____________.

   A. personal.
   B. interpersonal.
   C. makabayan.
   D. masaklaw.

8. Tulad ng pagtatala ng petsa, dapat ding maging tiyak sa pagsulat ng

   A. panimula.
   B. tagpuan.
   C. tauhan.
   D. oras.

9. Madalas na ang susulating talaarawan ay __________________.

   A. inililihim.
   B. ipinababasa sa iba.
   C. pinagtatalunan.
   D. binabasa nang malakas.

10. Personal ang talaarawan kaya __________________.

   A. dapat ipabasa sa iba.
   B. ilihim sa iba.
   C. huwag ipabasa sa iba.
   D. sa gabi lang sulatan.

B. . Basahin ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang maaaring maganap na mga pangyayari sa pangalawang araw para makabuo ng isang talaarawan.

1.

Nobyembre 23 –

Nagsusungit ang panahon. Nagliliparan ang mga bubong ng bahay dahil sa lakas ng hangin. Idineklara nang calamity area ang buong lalawigan ng Quezon at ilang bayan sa Ilocos Sur, Sorsogon, Bulacan, Pangasinan at Nueva Ecija.

Nobyemre 24 -

________________________________________________________
____________________________________________________________
___________________________________________________________.

2.

Disyembre 12 –

Hindi makatulog si Mitz. Gabi-gabi na lang, pinipilit niyang makatulog ngunit talagang ayaw siyang dalawin ng antok. May sakit siya na dapat maipakunsulta sa doktor.

Disyembre 13 –

________________________________________________________
____________________________________________________________
___________________________________________________________.

C. Itala sa sagutang papel ang mga pangyayaring naganap sa iyong buhay noong nakaraang panahon ng Kapaskuhan. Sundin ang porma sa ibaba:

Petsa Pangyayari

| | |
|---|---|
| Disyembre 16 | |
| Disyembre 17 | |
| Disyembre 18 | |
| Disyembre 19 | |
| Disyembre 20 | |
| Disyembre 21 | |
| Disyembre 22 | |
| Disyembre 23 | |
| Disyembre 24 | |
| Disyembre 25 | |



Susi sa Pagwawasto

Modyul 20
Pagsulat ng Talaarawan

Panimula at Pangwakas na Pagsusulit

A.
1. B
2. C
3. D
4. D
5. D
6. C
7. A
8. B
9. A
10. C

B. Ipakita mo sa iyong guro ang isinulat mong mga tala.
Siya ang magwawasto nito